# Mga Manggagawang Pantahanan

## Ano ang nasa loob

Sakop ba ang lahat ng manggagawang pantahanan? 1
Pagbabawas para sa buwis ng Social Security at Medicare 2
Pagbabayad ng buwis sa IRS 2
Pag-uulat ng mga sahod sa Social Security 2
Paano makakuha ang inyong manggagawang pantahanan ng kredito para sa Social Security 3
Pakikipag-ugnayan sa Social Security 3

Balak ba ninyong bayaran ang isang tagalinis, tagaluto, hardinero, tagapag-alaga ng bata o ibang manggagawang pantahanan nang di-bababa sa $2,100 sa 2018? Isama rin sa kabuuan ang anumang bayarin ninyo para sa transportasyon, pagkain at pabahay ng inyong empleyado. Kung magbabayad kayo ng hindi bababa $2,100 para sa isang tao, mayroon kayong mga responsibilidad.

Ang pagtugon sa naturang mga responsibilidad ay makatitiyak na ang inyong manggagawang pantahanan ay makakukuha ng kredito para sa mga benepisyo ng Social Security at Medicare. Kung magbabayad kayo ng hindi bababa sa $2,100 na sahod sa isang mangaggawang pantahanan, dapat ninyong:

- Ibawas mula sa sahod ang buwis para sa Social Security at Medicare;
- Ibayad ang mga buwis sa Internal Revenue Service (IRS); at
- I-report ang sahod sa Social Security.

Sa bawat $2,100 na sahod, karamihan ng mga empleyadong pantahanan ay kumikita ng sangkapat na seguro sa benepisyo ng Social Security at Medicare. Sa pangkalahatan, nangangailangan ang mga tao ng 10 taon ng seguro upang maging kwalipikado para sa:

- Benepisyong pangretiro (kasing-aga ng edad 62);
- Benepisyong para sa kapansanan ng manggagawa at kanyang mga dependyente;
- Benepisyo para sa naulilang pamilya ng manggagawa; at
- Mga benepisyo ng Medicare

## Sakop ba ang lahat ng manggagawang pantahanan?

May espesyal na mga tuntunin paransa mga sumusunod na sitwasyon.

- Kung nagpapalakad kayo ng hotel, mga paupahang silid o boarding house, i-report ang lahat ng sahod
- Maliban kung ang pangunahing trabaho ng manggagawa ay pantahanang gawain, huwag magbayad ng Social Security na buwis para sa tagapag-alaga ng sanggol o ibang manggagawang mas bata sa 18 taong gulang
- Kung nagbabayad kayo sa inyong mga anak na may 21 taong gulang pataas para sa gawaing-bahay, bayaran ang Social Security na buwis sa kanilang sahod
- Kung nagbabayad kayo sa isa o higit sa mga magulang ninyo para sa gawaing-bahay, maaaring may buwis ang sahod nila, at dapat alamin ninyo kung ang tuntuning ito sa buwis ay naaangkop sa kanila.

Makipag-ugnay sa tanggapan ng Social Security para sa karagdagang impormasyon.

## Pagbabawas para sa buwis ng Social Security at Medicare

Bilang tagapag-empleyo, kayo ay magbabayad ng 6.2 porsiyento para sa buwis ng Social Security hanggang sa $128,400 (sa 2018) na kita ng inyong empleyado at 1.45 porsiyento sa buwis ng Medicare para sa lahat ng kita. Ang mga empleyado ay magbabayad ng parehong antas ng buwis, at sila rin ay magbabayad ng karagdagang 0.9 porsiyento sa buwis ng Medicare sa kitang mas mataas sa $200,000 ($125,000 kung ang mag-asawa ay magkahiwalay na nag-file o $250,000 kung ang mag-asawa ay magkakasamang nag-file).

## Pagbabayad ng buwis sa IRS

Makipag-ugnay sa IRS tungkol sa kinakailangan sa pag-ulat o mga pormularyo. Tuturuan kayo ng mga empleyado roon kung papaano sasagutin ang pormularyo, at kung kailan at saan mag-file. Tingnan din ang IRS Publication 926, *Household Employer's Tax Guide*, ***www.irs.gov/publications/p926/index.html***, para sa impormasyon kung anong pormularyo ang dapat ninyong i-file at kailan.

Mga bagay na maaaring gusto ninyong malaman:

- **Pamamahala ng rekord** – Itala ang mga pangalan, address at numero ng Social Security ng lahat ng manggagawang pantahanan at halaga ng inyong binabayad sa kanila. Kopyahin ang numero ng Social Security nang direkta mula sa Social Security card ng bawat trabahante. Kung may isa sa inyong empleyado na walang card, siya ay dapat mag-apply sa alinmang tanggapan ng Social Security.
- **Ang pag-file ng pormularyo ng IRS at kinaltas na sahod** – Gamitin ang inyong pederal na income tax return (IRS Form 1040) upang mag-ulat ng sahod na $2,100 pataas na binayad ninyo sa manggagawang pantahanan. Bilang tagapag-empleyo, bayaran ang inyong bahagi ng a buwis para sa Social Security at Medicare. Idagdag doon ang mga buwis na inyong binawas mula sa suweldo ng empleyado.

## Pag-uulat ng mga sahod sa Social Security

Kailangan ninyong bigyan ang inyong empleyado sa bahay ng mga kopya ng B, C at 2 ng IRS Form W-2 (*Wage and Tax Statement*) sa pagsapit ng Enero 31 pagkatapos ng taon nang nabayaran ang mga suweldo. Ipadala ang kopya ng A ng Form W-2kasama ang Form W-3, *Transmittal of Wage and Tax Statement*, sa Social Security bago sumapit ang huling araw ng Enero kung isusumite nang electronically o sa papel sa susunod na taon kasunod ng taon nang inulat ang suweldo. Maaari ninyong makuha ang form na ito at ang mga instruksyons a pagkukumpleto nito sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa anumang tanggapan ng IRS. O, kung mayroon payong personal computer na may access sa internet at printer, maaari ninyong gamitin ang *W-2 Online*. Ang

*W-2 Online* ay ang libreng electronic filing na opsyon ng Social Security para sa mga employer. Sa pamamagitan ng *W-2 Online*, maaari ninyong ma-access ang isang eletronic na Form W-2, makukumpleto ang form, at isumite ito sa Social Security sa internet. Ang serbisyong ito ay nagkukumpleto rin ng isang Form W-3 (transmittal) para sa inyo. Maaari rin ninyong i-print ang inyong mga kopya na kailangan ng inyong (mga) empleyado para mai-file nila ang kanilang buwis at pati na rin ang mga kopya na maaari ninyong itabi.

Upang makapagsimula, magrehistro para sa isang User ID at password sa Business Services Online website:. Para sa karagdagang impormasyon, labilang ang bai-baitan ***www.socialsecurity.gov/bso/bsowelcome.htm*** g na tagubilin, pumunta sa ***www.socialsecurity.gov/employer/bsohbnew.htm***.

## Paano makakuha ang inyong manggagawang pantahanan ng kredito para sa Social Security

May kaibahan ang pagbigay ng kredito para sa gawaing pantahanan kaysa sa ibang trabaho. Sa pangkalahatan, ang isang tao ay makakuha ng isang kredito para sa bawat $1,320 na naiulat na kita (sa 2018), hanggang sa maximum na apat na kredito para sa taon. Gayunman, ang isang manggagawang pantahahan ay magkakaroon ng Social Security na kredito para lamang sa mga kita na hindi bababa sa $2,100 mula sa bawat taga-empleyo. Halimbawa, ang isang empleyadong pantahanan na nagtrabaho para sa tatlong taga-empleyo at binayaran $900, $1,100 at $2,100 ayon sa pagkakabanggit (na may kabuuan na $4,100) ay tatanggap lamang ng isang Social Security na kredito para sa $2,100 na naitala sa kanyang rekord sa Social Security.

Gaano karaming kredito ang kailangan ng manggagawa (kabilang ang mga manggagawang pantahanan) upang maging kuwalipikado sa Social Security ay depende sa kanilang edad at uri ng benepisyong maaari silang maging karapat-dapat sa nilang tanggapin. Karamihan ng mga tao ay nangangailangan ng 10 taong pagtatrabaho (40 kredito) upang maging karapat-dapat sa mga benepisyo. Ang mas nakababata ay nangangailangan ng mas kaunting kredito ang kailangan upang maging karapat-dapat sa mga benepisyong pangkapansanan o para ang kanilang pamilya ay maging karapat-dapat sa benepisyo para sa nauuulila kapag sila ay pumanaw.

Tandaan, kung hindi ninyo maiulat ang sahod ng inyong empleyado, maaaring hindi siya magkaroon ng sapat na kredito upang makakuha ng benepisyo ng Social Security, o ang halaga ng benepisyo ay maaaring maging mas mababa.

## Pakikipag-ugnayan sa Social Security

May iba't ibang paraan para makipag-ugnayan sa Social Security, kabilang na ang online, sa pamamagitan ng telepono, at nang personal. Naririto kami para sagutin ang inyong mga katanungan at upang mapaglingkuran kayo. Higit na sa 80 taon, ang Social Security ay nakatulong na mapanatag ang kabuhayan ngayon at para sa kinabukasan sa pamamagitan ng pagkakaloob ng mga benepisyo at pinansiyal na proteksyon para sa milyon-milyong mga katao para sa kanilang pamumuhay.

### Bumisita sa aming website

Ang pinakamadaling paraan na makipag-ugnayan sa Social Security mula saanmang lugar kahit kailan, ay bumisita sa ***www.socialsecurity.gov***. Doon, maaari kayong:

- Lumikha ng isang *my* Social Security account para mabalikan ang inyong *Social Security Statement*, patotohanan ang inyong mga kinita, mag-print ng isang benefit verification lettert (liham ng pagpapatotoo ng benepisyo), baguhin ang inyong impormasyon para sa direktang pagde-deposito, humiling

ng isang pamalit na Medicare card, kumuha ng kapalit na SSA-1099/1042S, at marami pang iba;

- Mag-apply para sa Extra Help (Karagdagang Tulong) gamit ang mga gastusin sa plano ng Medicare para sa inireresetang gamot;
- Mag-apply para sa retirement, kapansanan at mga benepisyo sa Medicare;
- Maghanap ng mga kopya ng aming mga inilathala;
- Makuha ang mga sagot sa mga madalas a katanungan; at
- Marami pang iba!

Ang ilang sa mga serbisyong ito ay makukuha lang sa wikang Ingles. Bumisita sa aming Multilanguage Gateway para sa impormasyon sa wikang Tagalog. Kami ay nagkakaloob ng libreng serbisyo ng interpreter para tulungan kayo sa pagsasagawa ng inyong dapat gawin sa Social Security. Ang mga serbisyo ng interpreter ay handang magamit kung kayo ay makikipag-usap sa amin sa telepono o sa tanggapan ng Social Security.

### Tumawag sa amin

Kung wala kayong access sa internet, kami ay naghahandog ng maraming mga automated na serbisyo sa pamamagitan ng telepono, 24 oras, 7 araw sa isang linggo. Tumawag sa amin sa walang bayad na toll sa **1-800-772-1213** o sa aming TTY na numero, **1-800-325-0778**, kung kayo ay hindi nakakarinig o nahihirapan makarinig.

Kung kailangan ninyong makipag-usap sa isang tao, masasagot namin ang inyong mga tawag mula 7 a.m. hanggang 7 p.m., Lunes hanggang Biyernes. Humihingi kami ng kaunting pasensya sa mga panahon na napakaraming ginagawa dahil maaari kayong makaranas ng higit sa karaniwang dalas na pagka-busy ng telepono at mas matatagal na panahon ng paghihintay sa tawag para makausap kami. Inaasahan namin na makapaglingkod sa inyo.

Securing today
and tomorrow

**Social Security Administration**
Publication No. 05-10021-TL | January 2018
Mga Manggagawang Pantahanan
Household Workers (Tagalog)
Produced and published at U.S. taxpayer expense
Ang nagbabayad ng buwis sa U.S. ang nagbayad para sa paglikha at paglathala nito